

DOST kinilala 2 paaralan para sa Hands-On learning project

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Dalawa sa 10 paaralan ang hinirang ng Department of Science and Technology (DOST) bilang Most Promising School na nagtataguyod ng Project HOTS o Hands On Teaching and Learning of Science.

Ang Project HOTS ay isang programang nagnanais na hubugin ang mga guro upang sila ay magdisenyo at magdevelop ng mga aralin sa Agham na ginagamitan ng inquiry-based activity. Ito ay maari pang paghusayin base na rin sa interaksyon at tugon ng mga estudyante sa aralin.

Ang mga paaralang hinirang ay ang Taguig Integrated School at CP Sta. Teresa Elementary School.

Bago pa man magsimula ang pasukan, ang mga guro ng nasabing paaralan ay lumahok sa isang workshop. Dito nila natutunan ang mga makabagong kaalaman hinggil sa science at matematika na kanila namang gagamitin sa paggawa ng mga aralin.

Sa pagsasagawa nito, ang isang guro ay magsisilbing tagamasid habang ang kasama niya ay nagtuturo. Dito ay kaniyang itatala ang mga tugon at katanungan ng mga estudyante na syang magiging basehan ng mga aspetong kailangang paghusayin sa aralin.

Sa ikalawang pagkakataon, ang ikalawang guro naman ang magsasagawa ng pagtuturo.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Negros Seminar, palalakasin ang industriya ng furniture p3

MIMAROPA ICT at startup hub, inilunsad ng DOST p4

Larawanews p4



www-fao-org-a.jpg

Mas maraming bukid, target ng DOST para sa seaweed fertilizer

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Dahil maganda ang resulta ng mga field trial sa iba't ibang lokasyon para sa carrageenan fertilizer additive, minabuti ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Mario G. Montejo na makipagtulungan sa Department of Agriculture (DA) upang palawakin ang gamit ng nasabing produkto sa agrikultura.

Ang carrageenan fertilizer additive ay nagmula sa seaweed na idinevelop ng Philippine Nuclear Research Institute ng DOST upang magsilbing growth enhancer sa mga palay. Ang seaweed at sumailalim sa isang proseso na tinatawag na irradiation na kung saan ito ay dinudurog sa maliliit na

bahagi at ginagawang likido upang mapadali ang pag-absorb nito ng pananim.

Ayon sa mga field test sa Pulilan, Bulacan, maganda ang epekto ng carrageenan sa mga tanim na palay sapagkat napadami at buong-buo ang mga butil ng palay sa kada uhay ng pananim.

Tinatayang aabot sa 25% ang inasahang karagdagang ani sa paggamit nito.

Maliban dito, pinatibay din nito ang mga tanim laban sa bagyo maging ang mga karaniwang peste ng palay gaya ng Rice Tungro Virus at Bacterial Leaf Blight (BLB).

Ayon kay Mang Noel Mauricio, isang magsasaka sa Pulilan na nakagamit ng carrageenan additive, "kung makikita ninyo,

sundan sa pahina 2

Mas maraming ...
Mula sa pahina 1

yung mga katabing palayan namin, lahat yang nakayuko. Nagtatanong nga ang aking mga kapitbahay kung ano ang inilagay ko daw ba sa palayan ko doon sa tabing-kalsada, ay ang sabi ko ay yung ibinigay sa akin ng DOST.”

Dahil dito, nais ng DOST na isailalim ito sa isa pang field test sa 4,000 hektarya ng bukid sa susunod na cropping season.

Ibinahagi din ni Montejo na kasalukuyang nagdedevelop ang DOST-PNRI ng mga precision farming method gamit ang nuclear technology upang mabatid ang tamang dami at panahon ng paglalagay ng fertilizer sa bawat agwat ng paglaki ng pananim. Nakapaloob din sa pag-aaral na ito ang tamang dami at oras ng patubig upang mabawasan ang gastos ng mga magsasaka sa irigasyon. Ayon sa pag-aaral ng DOST-PNRI, ang tamang paglalagay ng fertilizer ay nakapagdudulot ng hanggang 70% na kainaman sa pananim habang nababawasan naman ang pagkalugi sa pananim ng hanggang sa 25%.

Sa pagtatapos, inihayag ni Montejo ang kabutihang dulot ng nuclear technology sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao.

“These are just two samples of how atoms or nuclear technology can be harnessed for peace and development.”

DOST kinilala ...
Mula sa pahina 1



Ang mga kalahok sa seminar na Project HOTS.

Dito ay pagsasamahin ang lahat ng mga natalakay na syang magiging laman naman ng aralin.

Upang mabatid kung alin sa mga kalahok ang naisagawa ang programa sa kanilang klase, mayroong kinatawan mula sa Science Education Institute ng DOST at University of the Philippines-National Institute of Science and Mathematics Education Development ang nag-observer sa mga klase.

Ang dalawang paaralan ay nakatanggap ng kagamitan sa paaralan kabilang ang

pocket WIFI para sa Internet connection.

Ang programa ay muling isasagawa sa susunod na school year.

Kabilang sa mga paaralang lumahok sa nasabing programa ay ang Bagong Tanyag Elementary School-Main, Daanghari Elementary School, Enlisted Men’s Signal Village Elementary School, Maharlika Elementary School, Kapitan Eddie Reyes Memorial Elementary School –Main, Pateros Elementary School, Silangan Elementary School, at Tipas Elementary School.

Negros seminar palalakasin ang industriya ng furniture

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Upang mapagbuti ang kakayanan ng mga lokal micro to medium enterprise (MSME) sa Negros Oriental, nagkaroon ng seminar series sa pamumuno ng Department of Science and Technology Provincial Science and Technology Center (DOST-PSTC) ng DOST Regional Office 7.

Ang seminar series ay naglalayong madagdagan ang kaalaman ng mga local designer upang maging akma ang disenyo sa uri ng materyales na gamit.

“The seminar series is aimed at equipping local designers with some technical

knowledge on various types and properties of materials so that their designs become more suitable to specific types of materials,” paliwanag ni DOST Negros Oriental PSTC Director Gilbert R. Arbon.

Dagdag pa ni Dir. Arbon, nais din ng nasabing seminar na maitayo ang grupo ng mga local industrial designer upang mapanalad ang furniture industry sa lalawigan.

Ibinahagi ng mga eksperto mula sa iba’t ibang Research and Development Institute ng DOST ang kanilang kaalaman sa materials innovation. Ang mga resource speaker ay pinangunahan ng Philippine Textile Research

Institute (DOST-PTRI), Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI), Metals Industry Research and Development Institute (DOST-MIRDC) at Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI).

Tinalakay ni Engr. Adela H. Montalvo ng DOST-PTRI ang paggamit ng natural at sintetikong hibla bilang materyales para sa craft industry habang ipinaliwanag naman ni Gng. Josefina R. Celorico mula sa DOST-ITDI ang paggamit ng plastik, ceramic at fiberglass bilang mahalagang materyales sa craft industry.

MIMAROPA ICT at startup hub, inilunsad ng DOST

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Inilunsad kamakailan ng Department of Science and Technology (DOST), Palawan State University (PSU), Palaweño ICT Association (PICTA), at Make A Difference (MAD) Industries of Malaysia ang kauna-unahang Information and Communications Technology (ICT) business incubator sa Rehiyon ng MIMAROPA na nakalagak sa PSU-Main Campus, Lungsod ng Puerto Prinsesa.

Ang ICT hub na tinawag na Palawan International Information and Communications Technology Business Incubator (Palawan ITBI) ay magsisilbi ring isang Startup hub upang mapagsilbihan ang mga lokal na technopreneurs upang maisakatuparan ang kanilang mga konsepto at ideya at kalaunan ay maging kilala sa buong mundo.

Ang Startup Hub ay pamumunuan ng MAD Incubator ng Malaysia. Ang startup ay ang terminolohiyang pinasikat sa Silicon Valley ng Estados Unidos na nangangahulugan ng mga nag-uumpisa at maliit na kumpanyang nasa linya ng ICT at teknolohiya.



Pinangungunahan ni DOST Regional Director Josefina P. Abilay ang paglulunsad ng ICT hub sa rehiyon ng MIMAROPA.

Sa kasalukuyan ay umuusong ang mga technology-based startup sa rehiyon.

Ayon kay DOST-MIMAROPA Regional Director Josefina P. Abilay, "ideas can be transformed into products and start-ups can be guided to become full-fledged entrepreneurs."

Nakikita ng pamunuan ng DOST ang positibong epekto nito sa magiging ekonomiya ng rehiyon. Sa pamamagitan ng lumalagong ICT industry, makapanghihiikayat ng mga mamumuhunan na magdudulot ng pagkakaroon

ng mga hanap-buhay para sa mamamayan ng MIMAROPA.

Maliban dito, mapapalakas ng programang public-private partnership ang industriya at magkakaroon ng pagkakaatong makapag-develop ng mga teknolohiya para sa ASEAN region.

Ang paglulunsad ay dinaluhan ng mga mahahalagang personalidad mula sa Region 4B kabilang ang iba't ibang institusyon at kumpanyang magpapalago sa nasabing adhikain.



Si DOST Negros Oriental Provincial Director Gilbert R. Arbon (kaliwa) kasama sina (pangalawa mula kaliwa) Engr. Adela H. Montalvo; Forester Robert A. Natividad at Moreno L. Santander, at G. Rommel L. Romagos ng DOST-Negros Oriental.




Samantala, ibinahagi ni Engr. Edilbert M. de la Peña ng DOST-MIRDC ang paggamit sa bakal bilang materyales at kahoy, kawayan at iba pang materyales na nagmumula sa kagubatan ang tinalakay nina Forester Robert A. Natividad at Moreno L. Santander ng DOST-FPRDI.

"We ensure the global competitiveness of environment-friendly forest-based products and enhance the efficiency and effectiveness of existing forest-based industries and assist in the establishment of new enterprises," wika ni Natividad.

Ang mga dumalo sa nasabing seminar ay nagmula sa sektor ng MSME na kinabibilangan ng mga gumagawa ng muwebles, pangregalo at decor, handicraft, at fashion accessory. (Impormasyon mula kay Sean Adrian T. Guardiano, S&T Media Service, DOST PSTC Negros Oriental)



Gumawa ng lava lamp sa pamamagitan ng mga kagamitan sa kusina



Lava Lamp ba kamo? Bakit hindi mo subukan ang simpleng science experiment na ito!

IHANDA ANG MGA SUMUSUNOD:

- Malinis na 1-liter clear soda bottle
- ¾ cup ng tubig
- Vegetable oil
- Fizzing tablets (tulad ng Alka Seltzer)
- Food coloring
- Flashlight

SIMULAN NA!

1. Ibuhos ang tubig sa loob ng bote.
2. Gumamit ng measuring cup o funnel at

dahan-dahang ibuhos ang vegetable oil hanggang sa mapuno ang bote. Maaaring tumagal ito ng ilang minuto bago mapaghiwalay ang tubig at langis.

3. Magdagdag ng 10 patak ng food coloring.
4. Hatiin sa gitna ang isang tablet ng seltzer at ihulog ito sa loob ng bote. Hayaan itong lumubog hanggang sa magsimula na ang pagbula.
5. Idagdag lang ang natitirang kalahating seltzer para magpatuloy ang pagbula. Flashlight na lang ang kulang at may instant lava lamp ka na!

SA LIKOD NG SIYENSYA:

Ang ginamit na vegetable oil ay nananatiling nasa itaas ng tubig dahil ito ay mas magaan (less dense) kumpara sa tubig. Ito ay dahil sa tinatawag na “intermolecular polarity” na ang ibig sabihin ay ang mga water molecule ay na-aattract sa kapwa water molecule. Ang pagkatunaw naman ng tableta ay nagbibigay ng gas na nagdadala naman sa tubig paitaas.

O! Di ba? May pang luto ka na, may instant lava lamp ka pa! Ano pang hinihintay mo? Takbo na kay mommy at humingi ng extrang vegetable oil!

LarawaNEWS



Disaster Preparedness Forum. Si Department of Science and Technology (DOST) Assistant Secretary for Climate Change Adaptation and Disaster Risk Reduction Raymund E. Liboro habang kanyang ipinaliliwanag ang mga inisyatiba ng bansa hinggil sa disaster preparedness sa mga kalahok ng 1st Forum on Forecast-Based Emergency Preparedness for Climate Risks sa New World Hotel, Lungsod ng Makati. Sa kanyang presentasyon, binigyang-halaga ni Asec. Liboro ang pagkakaroon ng mga teknolohiya at mobile application na sasagot sa pagbibigay impormasyon sa publiko hinggil sa sama ng panahon at ang posibleng epekto nito sa mga imprastruktura at kabuhayan.